**LESSON 16: ANG PAGIGING MATAPAT NA KATIWALA**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pinaka mabigat na pagsubok na nangyari sa buhay mo?

2. Kamusta ang pagdidisipulo mo? Ano ang mga balakid sa iyo sa pagdidisipulo? Ano ang solusyon mo dito?

3. Paano mo inaayos ang sweldo o allowance mo sa loob ng isang buwan?

4. Paano mo ginagamit ang talento mo sa Panginoon?

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. 1 Timoteo 6:10**

Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian.

**2. 1 Timoteo 6:17-19**

"Ituro mo sa mayayaman na huwag silang mag-mamataas; at huwag silang umasa sa kayamanang lumilipas, kundi sa Diyos na masaganang nag-bibigay ng lahat ng ating pangangailangan upang tayo'y masiyahan. Turuan mo silang gumawa ng mabuti at magpakayaman sa mabuting gawa, maging bukás-palad at matulungin sa kapwa. Sa gayon, makakapag-impok sila para sa matatag na hinaharap, at makakamtan nila ang tunay na buhay.

**3. Lukas 21:1-4**

Pinagmamasdan ni Jesus ang mayayamang may dalang mga handog sa Templo. Nakita rin niya ang isang mahirap na biyudang naghulog ng dala-wang tigsisingkwenta sentimo. Sinabi niya sa mga alagad. "Ang inihandog ng mahirap na biyudang iyon ay higit pa sa inihandog nilang lahat. 'Ang inilagay nila ay bahagi lamang ng labis na sa kanila, ngunit ang kanyang ibinigay ay ang buo niyang ikabubuhay."

**4. Malakias 3:8-12**

"Ang tanong ko nama'y, matuwid bang pag-nakawan ng tao ang Diyos? Hindi! Ngunit pinag-nanakawan ninyo ako. Sa paanong paraan? Sa mga ikasampung bahagi at mga handog. "Isinumpa ko kayong lahat sapagkat ako'y pinagnanakawan ng buong bansa. "Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala. "Hindi ko rin hahayaang salantain ng mga balang ang inyong mga pananim at mamumunga na nang sagana ang inyong mga ubasan. "Dahil dito'y sasabihin ng lahat ng bansa na kayo'y mapalad sapagkat napakainam manirahan sa inyong lupain," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

**5. 2 Corinto 9:6-8**

"Tandaan ninyo ito: ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim naman ng marami ay aani ng marami. "Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa sariling pasya, maluwag sa loob at di napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang kusang nagbibigay nang may kagalakan. Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay, at higit pa sa inyong pangangailangan, upang may magamit kayo sa pagkakawanggawa.

**6. Mateo 25:14-29**

"Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. Binigyan niya ng salaping ginto ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y umalis. "Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto. Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto. Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon. Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-ulat. Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.' Sinabi sa kanya ng pangi-noon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, makihati ka sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga. Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, itopoanginiwanninyosaakingdalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito. Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan! Lumapit naman ang tumang-gap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, 'Alam ko pong kayo'y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang salaping

iniwanan ninyo sa akin.Sumagot ang kanyang panginoon, 'Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko tanim at inaani ang hindi ko inihasik, hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito! Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin."

Tanong:

a. Anu-ano ang halaga ng ibinigay ng taong maya-man na manlalakbay sa kanyang mga tauhan?

b. Magkano ang tinubo ng bawat halaga?

c. Kaninong lingkod nagalit ang manlalakbay? Bakit?

d. Ano ang pakahulugan ng mga salaping ipinagka-tiwala sa ating panahon kung ito ay isasakabuhay natin?

e. Kanino galing ang salapi sang ayon sa kwento? Sa sarili nating pagod o sa Diyos? Ano ang ibig sabihin nito?

f. Mahalaga ba na palaguin at ingatan ang salapi na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos? Bakit?

**7. 1Corinto 12:4-12**

"Ngayo'y may iba't ibang mga kaloob, datapuwa't iisang Espiritu. At may iba't ibang mga pangangasiwa, datapuwa't iisang Panginoon. "At may iba't ibang paggawa, datapuwa't iisang Dios na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang pagha-hayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. "Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: "Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. At sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pag-papaliwanag ng mga wika. "Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang ibig. Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo.

**IV. MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Sa Diyos nagmumula lahat ng pagpapala at talento kaya dapat lang na parangalan natin siya ng tamang pagbabalik nito sa kanya.

2. Ang pagiging matapat na katiwala ng Diyos sa mga talentong ipinagkatiwala niya ay pinagpapala ng Diyos ng higit pa sa inaasahan.

3Ang pagbibigay ng ikapu ay utos sa mga israelita at hindi sa panahong Kristiano. Nakasulat sa Hebreo 7:12 na "Sapagka't nang palitan ang pagkasaserdote ay kinailangang palitan naman ang kautusan" Ang sinusunod natin ngayon ay yung nakasulat sa 2 Corinto 9:7 "Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya."

4. Ang saloobin o attitude natin sa pagbibigay ay dapat masaya at hindi napipilitan dahil hindi pagpa-palain ng Diyos ang ating pagbibigay kung masama ang ating loob. Tandaan natin na tayo ay mga katiwala lamang ng Diyos ng kanyang kayamanan at hindi tayo ang may-ari! Wala tayong karapatan na ipagdamot ang ating kayamanan sa iba lalo't higit sa gawain ng Panginoon!

5. Maraming Kristiyano ang naghihirap dahil hindi marunong sumunod sa mga patakaran ng Diyos siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
    1.
    2.
    3.
    4.
    5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** 2 Corinto 5:10, Hebreo 4:13

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang 2 Pedro 3:10)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.